

## Paligsahan sa Paggawa ng Art Mga Panuntunan

Nagsasagawa ang San Francisco Safe Routes to School Partnership ng paligsahan sa paggawa ng art para sa lahat ng estudyante ng Distrito ng Pinag-isang Paaralan sa San Francisco, mula Kindergarten hanggang ika-12 baitang, para makatulong na ipagdiwang ang Linggo ng Paglalakad at Manu-manong Transportasyon. Maisasali ng mga estudyante ang kanilang artwork sa pamamagitan ng email na isasaalang-alang para manalo ng isa sa 4 na custom na backpack ng Timbuk2 na may reflective striping. Itatampok ang art ng isang mananalo ng grand prize sa mga promosyon ng 2021 Araw ng Paglalakad at Manu-manong Transportasyon papuntang Paaralan!

Gumawa ng visual art na ipinagdiriwang ang paglalakad at manu-manong transportasyon sa San Francisco — kasama ang mga scooter, skate, bisikleta, skateboard, wheelchair, at iba pang aktibong paraan ng transportasyon!

### Sumali sa paligsahan!

#### *Pagiging Kwalipikado*

- Lahat ng estudyante ng Distrito ng Pinag-isang Paaralan sa San Francisco. Kindergarten hanggang ika-12 baitang

#### *Mga Parangal*

- Unang Gantimpala para sa Mataas na Paaralan: Reflective na Backpack ng Timbuk2
- Unang Gantimpala para sa Gitnang Paaralan: Reflective na Backpack ng Timbuk2
- Unang Gantimpala para sa Elementarya: Reflective na Backpack ng Timbuk2
- Makakatanggap ang isang mananalo ng Grand Prize ng isang Bag ng Timbuk2 at ipapakita ang kanyang obra bilang bahagi ng promosyon ng Araw ng Paglalakad at Manu-manong Transportasyon papuntang Paaralan ng susunod na taon! Kwalipikadong sumali ang lahat ng edad.

#### *Mga Kailangang Isusumite para sa Pagsasaalang-alang sa Paligsahan*

- Dapat 8.5" x 11", landscape o portrait ang oryentasyon ng artwork
- Puwedeng isumite ang lahat ng klase ng medium: guhit, painting, mixed media, digital, atbp.
- Magsumite ng na-scan na kopya, de-kalidad na larawan, o ang iyong digital art sa format na .JPG o .PNG sa [SRTSContest@sfmta.com](mailto:SRTSContest@sfmta.com)
- Isama ang iyong pangalan, paaralan, at baitang
- Dapat isumite ang lahat ng entry bago sumapit ang 11:59PM Nobyembre 30, 2020

#### *Mga Pamantayan sa Panghuhusga*

- Pagiging malikhain at orihinal
- Linaw ng mensahe ng artwork sa pagsusulong ng manu-manong transportasyon
- Pagkatawan sa pagkakaiba-iba at pagsasama-sama

Magpadala ng anumang tanong sa [SRTSContest@sfmta.com](mailto:SRTSContest@sfmta.com)

Kung mananalo ka, dapat magawa ng Safe Routes to School at ng Walk SF na makaugnayan ka at makolekta ang orihinal na artwork. Magiging pagmamay-ari ng San Francisco Safe Routes to School at ng Walk SF ang art.